

# Hakbang 1: Patibayin ang Iyong Lugar

Paano maiiwasang mahulog ang mga bagay sa panahon ng lindol




Isipin na ang iyong buong bahay o pinagtatrabahuan ay gumalaw at umalog sa panahon ng isang lindol - kahit na ang mga mabibigat na bagay ay maaaring mahulog o maitapon sa paligid! Ito ay kadalasang nagiging sanhi ng pinakamaraming pinsala sa panahon ng lindol, at ang pagpapalit ng mga bagay o pag-aayos ng mga pinsala ay maaari ding maging napakamahal.

Ang mga isyung ito ay mapipigilan sa pamamagitan ng mga simpleng pagkilos upang mapatibay ang mga kasangkapan at iba pang bagay sa lugar. Kaya naman ang "Patibayin ang Iyong Lugar" ay Hakbang 1 ng Pitong Hakbang Tungo sa Kaligtasan sa Lindol!

Magsimula ngayon sa pamamagitan ng paglipat ng matataas na muwebles tulad ng mga aparador ng mga aklat palayo sa mga kama, sofa, o iba pang lugar kung saan gumugugol ng maraming oras ang mga tao. Ilipat ang mga mabibigat na bagay sa mas mababang mga lokasyon.

Pagkatapos ay magpatuloy sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga bagay tulad ng mga telebisyon, lagayan ng damit, pampainit ng tubig, mga pintuan ng kabinet, mga nakasabit na bagay, at maliliit na bagay, na sumusunod sa mga tagubilin sa loob ng dokumentong ito. Subukang patibayin ang isang bagay o higit pa tuwing katapusan ng linggo hanggang sa magawa mo ang lahat. Maaaring kailanganin mong humingi ng tulong sa iba o humiram ng mga gamit (tools). Baka matulungan mo rin sila. Sama-sama tayong lahat dito!




Matuto pa sa [EarthquakeCountry.org/Step1](https://www.earthquakecountry.org/Step1)

## Patibayin ang Iyong Mataas na Muwebles

Ang mga muwebles tulad ng mga aparador ng libro, mga china hutch, at mga aparador ay napakabigat at maaaring mahulog sa panahon ng lindol na magdulot ng pinsala at kapahamakan, at posibleng humarang sa mga labasan. Ang mga nababaluktot na pangkabit ay nagbibigay-daan sa muwebles na yumugyog nang bahagya nang hindi nahuhulog.

- Mabibili ang mga pakete ng nylon na tali sa mga tindahan o sa online, may mga turnilyo sa dingding sa isang dulo at may mga pandikit na pad na dumidikit sa mga kasangkapan na may velcro o buckle fasteners.
- Ang mga ito ay dapat na iturnilyo sa stud sa pader; tukuyin kung nasaan ang mga ito gamit ang isang panghanap ng stud.
- Iturnilyo ang mga taling nylon sa mga stud sa pader malapit sa bawat gilid ng muwebles sa pamamagitan ng nauna nang butas sa tali. Ang mga ito ay maaaring maitago sa likod ng mga kasangkapan.
  - Kung mas mataas sa 6 na talampakan, patibayin ang mga tali sa mga gilid, sa 2/3 ang taas.
- Ikabit ang malagkit na dulo ng tali sa muwebles, na sumusunod sa mga tagubilin ng pakete.




## Patibayin ang Iyong Telebisyon

Ang mga telebisyon ay madaling tumagilid o mahulog sa panahon ng lindol. Narito ang dalawang pagpipilian upang maiwasan ito.

**Opsyon 1:** Ikabit ang TV sa muwebles (tulad ng ipinapakita)

- Gumamit ng mga pakete ng nababaluktot na taling nylon, na may buckle o velcro fasteners, na mabibili sa mga tindahan ng hardware at online.
- Idikit ang isang dulo ng bawat tali sa muwebles gaya ng ipinapakita, kasunod ng mga tagubilin ng pakete.
- Ikonekta ang kabilang dulo sa likod ng TV sa pamamagitan ng pagturnilyo sa tali sa mga butas ng kabitan ng TV, o sa pamamagitan ng pagdikit ng mga pandikit na fasteners sa TV.
- Kung sa mataas na muwebles nakalagay ang TV, patibayin ito nang maayos sa mga stud sa dingding, gamitin ang panghanap ng stud upang mahanap ang mga tamang lokasyon.



**Opsyon 2:** Ikabit ang TV sa isang dingding na may mounting kit (mabibili kung saan ibinebenta ang mga TV o online). Maingat na sundin ang mga tagubilin ng tagagawa.

## Patibayin ang Iyong Mga Nakasabit na Bagay


Ang mga salamin, naka-frame na larawan, at iba pang mga bagay ay maaaring mahulog sa mga dingding at tumama sa mga tao o makabasag ng salamin sa sahig. Ang solusyon ay depende sa bigat ng bagay:

### Mga bagay na wala pang 20 lbs.:

- Ilagay sa isang pako o picture hook at iseguro sa pamamagitan ng paglalagay ng putty na panglindol o mga Velcro tab sa lahat ng apat na sulok.

### Mga bagay na hanggang 50 lbs.:


- Gumamit ng panghanap ng stud upang mahanap ang pinakamalapit na stud sa pader.
- Iturnilyo ang closed-loop picture hanger (ilang mga uri ay nasa mga tindahan o online). Pinipigilan nito ang wire na tumalon mula sa hook sa panahon ng pagyanig ng malakas na lindol.
- Para sa karagdagang proteksyon, iseguro ang mga sulok sa ibaba gamit ang earthquake putty o Velcro tab.
- Isaalang-alang ang propesyonal na tulong para sa pag-seguro ng mga bagay na higit sa 50 lbs., tulad ng mga likhang sining na naka-mount sa dingding o mga salamin.



## Patibayin ang Iyong Maliliit na Bagay

Ang mga koleksyon, gawang banga, at lampara ay maaaring mahulog o maihagis sa panahon ng pagyanig ng lindol, maging mapanganib at bumulusok ng potensyal na nakamamatay at lumikha ng mga panganib tulad ng basag na salamin. Sundin ang mga rekomendasyong ito para mapatibay ang mga ito:


- Ilipat ang mabibigat na bagay at mga nababasag sa mas mababang istante.
- Gumamit ng Velcro fastener pad para idikit ang mas mabibigat na bagay sa ibabaw.
- Patibayin ang mas maliliit na item sa lugar gamit ang mga hindi nakapipinsalang pandikit tulad ng QuakeHold™, Museum Wax™ o Quake Secure™ na mabibili sa mga tindahan ng hardware o online. Ang mga produktong ito ay hindi nakasisira sa porma, at ang ilan ay klaro para gamitin sa salamin o kristal:
  - Gamit ang konti, igulong ang iyong mga daliri hanggang lumambot, idikit sa ilalim ng bagay, at pagkatapos ay ilagay ang bagay sa lugar. Bahagyang pindutin ang bagay pababa upang makumpleto ang pagbubuklod.
- Alisin ang bagay sa pamamagitan ng maingat na pagpaikot at pag-angat mula sa ilalim.



## Patibayin ang Iyong Pridyeder

Ang mga pridyeder ay maaaring makapinsala sa iyo sa pamamagitan ng paggalaw o pagtabingi, at maaaring matapon ang kanilang mga nilalaman.

- Bumili ng panglindol na malambot na tali para sa kagamitan sa mga tindahan ng hardware o online, at sundin ang mga kasamang instruksyon.
- Piliin kung ikakabit mo ang mga tali sa itaas o sa mga gilid (mga 2/3 ang taas) ng pridyeder.
- Gumamit ng panghanap ng stud upang mahanap ang mga stud sa loob ng dingding sa likod ng pridyeder, malapit sa kung saan mo ilalagay ang mga tali. Ang mga lokasyong nakakabit sa dingding ay maaaring maitago sa likod ng pridyeder.
- Gumamit ng mga kasamang turnilyo upang mapatibay ang bawat tali sa dingding.
- Linisin ang ibabaw kung saan ilalagay ang pandikit ng fastener (bracket o velcro) gamit ang kasamang alcohol pad.
- Alisin ang plastik mula sa pandikit na pad at ilagay ang pad sa posisyon. Pindutin nang husto sa loob ng tatlumpung segundo. Iwanan nang hindi nagagambala sa loob ng 72 oras upang ang pandikit ay bumuo ng isang matatag na buklod.
- Ikonekta ang libreng dulo ng tali sa baba ng fastener.




**TANDAAN:** Kung ang iyong pridyeder ay nasa loob ng isang kabinet at hindi mo maikonekta ang mga tali sa mga dingding, malamang na hindi ito babagsak.

## Pagtibayin ang Mga Pintuan ng Iyong Kabinet

Bumubukas ang mga hindi nakasigurong pinto ng kabinet kapag may lindol, na nagdudulot sa mga babasagin at pinggan na bumagsak sa sahi. Maraming uri ng mga trangka ang magagamit upang maiwasan ito.


- **Pull / Throwover** – Mga turnilyo sa harap ng mga pintuan ng kabinet.
- **Naitutulak na Trangka** – Ang baba ay nakakabit na may mga turnilyo sa panloob na istante, at isang maliit na peg ay nakakabit sa likod ng pinto. Ang baba ay humahawak sa peg hanggang sa ang pinto ay itulak papasok.
- **Trangkang Di Naaabot ng Bata** – Karamihan ay naikakabit gamit ang malalakas na pandikit, awtomatikong isinasara, at pinakawalan sa pamamagitan ng bahagyang pagbukas ng pinto at pag-angat ng trangkang pangbitaw.
- **SeismoLatch™** – Naikakabit gamit ang peel-n-stick high-bond na pandikit; nahuhulog ang trangka sa lugar sa panahon ng pagyanig ng lindol.



## Patibayin ang Iyong Patungan ng Imbak

Maaaring dumulas o tumaob ang mga patungan ng imbak sa panahon ng malakas na pagyanig, maliban kung nakaseguro:

- Gumamit ng malambot na mga nylon na tali na may mga butas para sa mga turnilyo (mabibili sa mga tindahan ng hardware o online). Maglagay ng dalawang tali malapit sa tuktok ng patungan. Para sa napakataas na patungan o patungang may gulong, ilagay din ang dalawang tali malapit sa gitna (tulad ng ipinapakita).
- Gumawa ng isang masikip na loop sa bawat tali sa paligid ng isang poste sa likuran tulad ng ipinapakita, at ikonekta ang dulo ng tali sa sarili nito sa pamamagitan ng pagpasok ng isang maikling trangka sa mga butas sa tali at pagkatapos ay iturnilyo sa isang washer at nut.
- Iturnilyo ang mahabang dulo ng bawat tali sa isang stud sa dingding sa likod ng patungan (gumamit ng panghanap ng stud upang matukoy kung saan).
- Magkasalitang ikabit ang mga eye-screw sa mga stud sa dingding. Gumamit ng bungee cord o 1/8" dayametro ng wire na nakapalibot sa iyong kasangkapan. Patibayin sa eye-screws at muwebles gamit ang carabiner hooks - na nagpapahintulot sa paglipat ng mga kasangkapan kung kinakailangan.
- Para sa mga patungan na nakaposisyon sa mga suportang de gulong, siguraduhing ilagay ang mga kandado ng gulong kung kasama, at kung ang patungan ay ililipat, palaging muling ikabit sa dingding gamit ang mga tali pagkatapos gamitin.



## Patibayin ang Iyong Pampainit ng Tubig

Maaaring bumagsak ang mga pampainit ng tubig sa panahon ng lindol, na nagiging sanhi ng pagtagas ng gas at tubig, at maging ng sunog. Narito kung paano ito maiiwasan:

- Una, suriin kung ang iyong mga tubo ng gas at tubig ay may mga flexible na konektor. Hilangin sa isang tubero na palitan ang mga ito kung kinakailangan.
- Pigilan ang tangke na tumumba palikod sa pamamagitan ng pagtiyak na ito ay nasa loob ng 2" ng pader. Kung kinakailangan, bawasan ang malaking agwat sa pamamagitan ng paglakip ng isang bloke ng kahoy sa mga patayong "studs" sa loob ng dingding sa likod ng pampainit ng tubig (gumamit ng panghanap ng stud upang matukoy kung saan i-screw).
- Bumili ng isang espesyal na pakete na may mga metal na tali sa isang tindahan ng hardware o online. Ilagay ang bawat tali tulad ng ipinapakita sa larawan; magsimula sa likod ng tangke, dalhin ang bawat tali sa harap at pagkatapos ay bumalik sa dingding.
- Ikonekta ang bawat tali sa tukod sa dingding (o sa bloke ng kahoy) gamit ang mga turnilyo na ibinigay sa pakete. Kung ikinakabit sa kongkreto, gumamit ng 1/4" expansion bolts.

